
Republic of the Philippines
**Department of Education**
Schools Division of Palawan
Coron Inland District
*GUADALUPE ELEMENTARY SCHOOL*

| Grades 1 to 12 Daily Lesson Log | School | Guadalupe Elementary School | Grade Level | III |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher | Arian P. de Guzman | Learning Area | FILIPINO |
| | Teaching Dates | Week 2 | Quarter | 3rd |

| DAY | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Ang mag-aaral ay naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita sa pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin | | Ang mag-aaral ay naisasagawa ang mapanuring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan | | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | **F3PA-0a-j-2** Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reak syon nang may wastong tono, diin, bilis, antala at intonasyon | | **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang usapan, tula, talata, kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala at ekspresyon | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto** | Nakapagpahayag ng sariling opinyon o reaksiyon sa isang napakinggang isyu **(F3PS-IIId-1)** | | Nasasabi ang paksa o tema ng teksto; kuwento o sanaysay **(F3PB-III-10)** | | Nasasagot ng mga mag-aaral ang mga tanong na may 80% tamang sagot. |
| **II. Nilalaman** | **Pagpapahayag ng Sariling Opinyon o Reaksiyon sa Isang Napakinggang Isyu** | | **Pagsasabi ng Paksa o Tema ng Teksto** | | |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral** | | | | | |
| **3. Mga Pahina sa Teksbuk** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource*** | Modyul 3-4 | | | | |
| **B. Iba pang Kagamitang Panturo** | | | | | Answer sheets |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin.** | Sa nakaraang aralin, iyong napag-alaman ang pagsasabi ng sariling ideya tungkol sa tekstong napakinggan. Nais kong ipabasa mo sa iyong magulang o kasama sa bahay ang teksto. Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.<br>Papunta ng lungsod ang kambal na sina Lino at Lina kasama ang buong pamilya. Sa daan ay may nakita silang asong ligaw na mahinang-mahina at tila buong araw nang hindi kumain. Kinuha nila ang aso at pinakain.<br>1. Ano ang iyong ideya sa pagpunta ng pamilya sa lungsod?<br>2. Ano ang iyong masasabi sa nakita ng kambal sa daan?<br>3. Ano ang ideyang iyong mahihinuha sa nakitang larawan?<br>4. Ano kaya ang dahilan bakit nanghihina ang aso? | | Basahin at unawain ang kuwento. Mula sa napagalamang mga elemento ng kuwento, punan ang graphic organizer ng mga hinihinging impormasyon.<br>***Si Mayang Pusa at Donang Daga***<br><br> | | Tukuyin ang sumusunod na pahayag kung ito'y Opinyon o Hindi) ukol sa Pandemya dulot ng COVID-19 .<br>1. Ang COVID-19 ay isang sakit na nakahahawa.<br>2. Maaaring mamatay sa sakit ang isang tao kung ito ay pabaya at hindi malinis sa katawan.<br>3. Ito ay isa nang pandemya na lumaganap sa buong mundo.<br>4. Ang pananatili sa bahay ay isang paraan upang maiwasan ang paglaganap nito.<br>5. Sinasabing ang paglaganap ng COVID-19 Virus ay gawa ng tao.<br>B. Piliin ang titik ng tamang sagot.<br>1. Ito ay tumutukoy sa iniikutang diwa ng teksto. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 5. Ibigay ang iyong sariling ideya sa ginawang pagmamalasakit ng dalawang bata sa aso. | | | | A. detalye<br>B. paksa o tema<br>C. balangkas<br>2. Ito ang tawag sa mga pangungusap na magkakaugnay.<br>A. paksa<br>B. pamagat<br>C. talata<br>3. Ito ang kabuuang kaisipan ng isang kuwento.<br>A. pamagat<br>B. tauhan<br>C. paksa<br>4. Saan karaniwang makikita ang paksa o tema ng teksto?<br>A. gitna<br>B. unahan<br>C. hulihan<br>5. Mahalaga bang matukoy o masabi ang paksa o tema sa isang kuwento?<br>A. Oo, dahil ito ang gumagabay sa pag-unawa sa binabasa<br>B. Hindi, dahil ang teksto ay laging may tema o paksa.<br>C. Wala sa nabanggit |
| **b. Pagganyak o Paghahabi sa layunin ng aralin/Motivation** | Nanonood ka ba ng telebisyon? Nakikinig ka ba sa radyo? Sa panahon ngayon, marami ang nangyayari sa ating paligid. | | Basahin at unawain ang teksto. Sagutin ang mga tanong sa ibaba.<br>1. Ano ang pinag-uusapan sa binasang teksto?<br>2. Ano ang ipinalabas na kautusan ng gobyerno ayon sa binasang teksto?<br>3. Ano ang gagawin sa mga taong lumalabag sa kautusan ng ating gobyerno?<br>4. Sa iyong palagay, makatutulong ba ang pagkakaroon ng curfew? Bakit?<br>5. Ano sa palagay mo ang paksa o tema ng tekstong binasa? | | |
| **C. Paglalahad o Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin.** | Pakinggang mabuti ang balitang babasahin.<br>***Ang Bagong Hamon***<br>Ano ang iyong opinyon o reaksiyon sa napakinggan? | | Ang pagtukoy sa paksa o tema ng isang teksto ay daan upang higit na maunawaan ang binabasa. Ang paksa o tema ay ang iniikutang diwa na ipinahayag ng may-akda sa binasang teksto gaya ng sa kuwento o sanaysay. Bilang isang mahusay na mambabasa, kinakailangan na unawaing mabuti ang bawat talata upang makapagbigay tayo ng paksa o tema. Ang Paksa ay tumutukoy rin sa kabuuong kaisipan sa | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | kuwento. Halimbawa: Ang pagkakaisa ng mga Pilipino ang tanging sandata sa anumang pagsubok na kakaharapin. Ito marahil ang pinakaunang ambag ng isang indibidwal bilang mabuting mamamayan ng bansa. Sa panahon ng kalamidad ang pagkakaisa upang malampasan ang mga pagsubok ay lumilitaw sa kahit na sinong Pilipino.<br>Ang paksa o tema sa tekstong ito ay ang pagkakaisa ng mga Pilipino. Karaniwang nasa unahang bahagi ng tekso makikita ang tema | | |
| **D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Sa pagbuo ng palagay o pananaw, malaya mong naipapahayag ang sariling reaksiyon o opinyon sa napakinggan o kaya'y naririnig. Ang isang opinyon ay magiging makatuwiran kung mayroong tiyak na impormasyon. Mula rito maaari kang makabuo ng iyong sariling reaksiyon. | | | | |
| **E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | 1. Ano sa palagay mo ang epekto ng New Normal sa pag-aaral? _<br>2. Sa iyong palagay, nakatutulong ba ang paggamit ng teknolohiya sa iyong pag-aaral? __<br>3. Ano ang iyong masasabi sa hakbang na ginawa para sa mga guro? | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 4. Ano ang iyong sariling ideya sa takbo ng pagbabago sa edukasyon?<br>_____________<br>5. Bilang mag-aaral, handa ka na bang harapin ang bagong hamon na ito? Pangatuwiranan ang sagot. | | | | |
| **F. Paglinang sa Kabihasaan tungo sa Formative Assessment (Independent Practice)** | Pumili ng isang napapanahong isyu na madalas mong mapakinggan sa telebisyon, radyo, o social media (social media) Ibigay ang iyong sariling opinyon o reaksiyon at isulat ito sa kuwaderno. Gawing batayan ang ang rubriks sa ibaba sa pagbibigay ng opinyon o reaksiyon.<br>1. Ang paglaganap ng sakit na COVID-19<br>2. Kahinaan sa pagbabasa ng mga estudyante<br>3. Pagbabawal ng cellphone sa klasrum<br>4. Impluwensiyang hatid ng Tiktok sa mga kabataan<br>5. Pagsasara ng mga internet café sa oras ng klase | | Ibigay ang paksa o tema ng sumunod na mga teksto. Isulat ang sagot sa kuwaderno.<br>1. Ang sustansiyang mula sa prutas ng mangosteen ay nakatutulong para maging matalas ang ating isip at malakas ang katawan. Dahil na rin sa mura ang presyo ng prutas na mangosteen kaya marami ang maaaring makabili nito. Ugaliin ang pagkain nito araw-araw.<br><br>2. Sinasabing ang mga Pilipino ay sobrang mahilig sa musika. Hindi kataka-taka na maraming nagtatayuang karaoke bar sa ating paligid. Maraming magagaling at hinahangaang mga mang-aawit ang nananalo sa ibang bansa.<br>3. Ang Pilipinas ay dinaraanan ng dalawampu o mahigit pang bagyo taon-taon. Kaya naman natuto na ang mga Pilipino na maging matatag sa panahon | | |

Rubrik sa Pagbigay Opinyon/Reaksiyon

| 5 | 4 | 3 |
|---|---|---|
| Makabuluhan, malinaw, at akmang-akma ang opinyon sa isyung pinag-uusapan | Angkop at may kaugnayan ang ibinigay na opinyon sa isyung pinag-uusapan | Wasto ang opinyon ngunit may kakulangan sa kaugnayan sa isyung pinag- |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | ng sakuna. Dito makikita mo ang kanilang pagiging matulungin at matiisin. Kahit anong pagsubok ang kaharapin, nananatiling matatag ang mga Pilipino.<br>4. Ang buhay sa bukid ay sadyang kaaya-aya dahil sa tahimik na paligid.Sa paggising sa umaga, malamig at malinis na hangin ang sasalubong sa iyo. Tahimik at maaliwalas ang paligid. Ang mga tao rito ay abalang-abala sa kanilang gawain. Karaniwang hanapbuhay ang pagsasaka at pagtatanim ng gulay. Masarap at mura ang mga gulay dito.<br>5. Katangi-tangi ang pamilyang Pilipino sa mundo. Nagkabubuklod-buklod lalo na sa panahon ng kalamidad o sakuna. Laging nagtutulungan kahit hindi magkadugo. Napatunayan na ang pagbabayanihan ng mga tao sa maraming pagkakataon, tulad ng lindol sa Mindanao at pagputok ng Bulkang Taal. Agad na nagdamayan ang mga Pilipino upang maghatid ng tulong ito man ay materyal o pinansiyal. 'Yan ang pamilyang Pilipino. | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **G. Paglalapat ng Aralin sa pang-araw-araw na buhay** | | Magsagawa ng isang pakikipanayam o interbyu sa iyong magulang o kasama sa bahay. Hingin ang kanilang opinyon sa usapin ukol sa Mga Gabay sa Wastong Pangangalaga sa Kalusugan ng Pamilya. Pakinggan nang mabuti ang kanilang sagot. Sa isang malinis na papel, ihayag ang iyong reaksiyon o opinyon batay sa ibinigay nilang sagot. | | Panuto: Basahin ang teksto at sabihin ang tema o paksa nito.<br>1. Ano ang napansin ng nanay sa kuwentong binasa?<br>2. Bakit labis na nabahala ang nanay sa kuwento?<br>3. Sa iyong palagay, ano ang ugali ng batang si Totoy?<br>4. Ano-ano ang tema o paksa ng tekstong binasa?<br>5. Kung ikaw si Totoy, paano mo pahalagahan ang tubig? | |
| **H. Paglalahat ng Aralin Generalization** | | **Ano ang opinion?** | | Natutuhan ko na bilang isang mahusay na (1)______________ kinakailangang mauunawaan ang (2)______________ ng isang (3)_____________ upang maibigay ang pangunahing (4)_____________ sa iniikutang kaisipan ng isang (5)__________. | |
| **I. Pagtataya ng Aralin Evaluation/Assessment** | | Sa iyong kuwaderno, sumulat ng limang reaksiyon o opinyon tungkol sa kautusan ng Pangulo sa pagbabawal na paglabas ng edad dalawampu pababa sa mga pampublikong lugar<br><br>**Rubrik sa Pagbigay Opinyon/Reaksiyon**<br>**5**: Makabuluhan, malinaw, at akmang-akma ang opinyon sa isyung pinag-uusapan<br>**4**: Angkop at may kaugnayan ang ibinigay na opinyon sa isyung pinag-uusapan<br>**3**: Wasto ang opinyon ngunit may kakulangan sa kaugnayan sa isyung pinag- | | Basahin at unawain ang sumusunod na mga teksto. Isulat ang paksa o tema na nais iparating ng binasa.<br>1. Si Nene ay may bagong sapatos. Kulay pula ito. Paborito ni Nene ang kulay pula. Tuwang-tuwa si Nene nang makuha niya ang sapatos. Regalo ito ng kaniyang ina para sa kaniyang kaarawan. Handa na siyang mamasyal kasama ang | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | pamilya gamit ang sapatos na pula na bigay sa kaniya.<br>2. Sina Noli at Jay-ar ay magkaibigang tunay. Lagi silang naglalaro sa hardin. Nagbibigayan sila sa lahat ng bagay, ito man ay pagkain o laruan. Sabay din silang nag-aaral ng aralin. Ang magkaibigan ay laging magkasama sa lahat ng Gawain.<br>3. Ang matandang puno ng akasya (Acacia) ay hinahangan sa bayan nila Mina at Jerry. Sa tuwing nagsisimba sila ng kanilang pamilya ay humihinto sila sa tapat nito upang ito ay tingalain. Napakatayog ng matandang puno kaya't lalo nitong napapatingkad ang malalapad na mga dahon. Ito ang palatandaan sa kanilang bayan upang madaling mapuntahan.<br>4. Ang traysikel ni Mang Dado ay sikat sa daan. Ito ang siyang tagahatid at tagasundo sa mga bata papuntang paaralan. Malinis at may mga harang ang traysikel upang matiyak ang kaligtasan ng sumasakay. Napapangiti ang mga batang sumasakay dito kapag nakikitang paparating | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | na si Mang Dado kasama ang kaniyang traysikel.<br>5. Ang walis tambo ni Aling Perla ay mabentangmabenta. Pulido at malinis ang pagkakagawa nito. Matibay at hindi agad nasisira. Kaya naman maraming nag-aabang kay Aling Perla at sa gawa niyang walis tambo. | |
| **J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation*** | | Makinig ng balita sa radyo o di kaya ay manood sa telebisyon. Ibigay ang iyong sariling reaksiyon o opinyon hinggil sa tinalakay na isyu. Isulat ito sa isang malinis na papel. | | Magbasa ng alinmang kuwento o sanaysay. Isulat sa iyong kuwaderno ang tema o paksa ng binasang teksto. | |
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. Pagninilay** | | | | | |
| **A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation*** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |
| **D. Bilang ng mga mag-aaral na** | | | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **magpapatuloy sa *remediation.*** | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | Inquiry Based instruction, thought provoking questions inspire the learners to thinks for themselves and become more independent. | Visualization, it helps the learners understand how their learning applies in real life. | |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?** | Wala | | Wala |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | Wala | | Wala |

Prepared by:

*Grade 3 Adviser*

Noted:

School Head